



Mga Kristiyanong humantong sa IMPIERNO!

By Carmelo Brenes

www.DivineRevelations.info/TAGALOG

Noong 1982, naaksidente ako na kung saan ako ay namatay. Sa pagdating ng kamatayan sa akin, naramdaman ko na ang lahat ay naging madilim. Nasumpungan ko ang aking sarili lumalakad sa isang madilim na lagusan, at may di mawaring nilalang ang nag-aakay sa akin. Habang kami ay lumalakad dito sa malamig at madilim na lagusan, narinig ko ang mga nakapangingilabot na hiyawan at daing, at isang matinding takot ang sumisibol sa akin. Alam ko na, bagaman ang aking katawan ay patay na, sa anumang kadahilanan ako'y buhay pa sa lugar na ito.



Nakita ko ang mga malalaking ahas na pagala-gala sa palibot, at ang lahat ng tao ay humihiyaw para sa tubig. Hindi naglaon kami ay nakarating sa isang bukas na talampas, na naglululan ng maraming mga silid at partisyon, ang bawat isa ay naglalaman sa loob ng iba't-ibang uri ng tao. Nagpasimula akong managhoy sa sobrang takot, nagmamaka-awa ng habag sa Dios. *"Panginoon, alalahanin Nyo po ang aking buhay! Mahabag po kayo!"* Ganap na sindak ang sumasakal sa aking kaluluwa, at ang aking buong buhay ay dumaraan sa aking harapan. Sa aming paglapit sa ilang pintuan, muli akong humiyaw, *"Mahabag po Kayo sa akin Panginoon ko; mahabag po Kayo sa akin! Nagmamakaawa po ako sa Inyo na tulungan ako! Tulungan Ninyo ako Panginoon!!"*

Maya-maya'y may isang katahimikan, at narinig ko ang isang malakas na tinig nagsasabi, ***"Tigil!"*** Ang tinig ay yumanig sa buong Impierno, at ang nilalang na naghahatid sa akin sa tangan ang aking kamay, binitiwang ako. ***"Hindi ako ang Dios ng mga nakikiapid, hindi ako ang Dios ng mga nangangalunya, hindi ako ang Dios ng mga sinungaling. Bakit tinatawag mo akong Panginoon, kung hindi ako ang isang Dios ng mga nagmamapuri?"*** ([Luke 6:46](#))

Dama ko na tila baga ako ay madudurog, subalit sa paglipas nang oras, ang tinig ng Dios ay naging banayad, ***"Halika at ipakikita ko sa iyo ang mga bagay na nangyayari sa lugar na ito na naghahantay sa lahat ng ayaw sumunod sa Aking daan at lumakad alinsunod sa mga imahinasyon ng kanilang mga puso."***



Pagkatapos kami ay nagtungo sa isang lugar na kung saan nakita ko ang isang babae na naka-upo sa isang upuang tumba-tumba. Mayroon pa ring nakapangingilabot na daing na nagmumula sa lahat ng dako roon. Noong una, parang ok naman siya, pagkatapos ang kanyang katawan ay nagbago sa isang mangkukulam, at humiyaw siya sa hirap, nasusunog sa lagablab ng apoy. Nagmakaawa siya para sa habag, subalit sinabi sa akin ng Panginoon **"Ang mga kabayaran ng kasalanan ay kamatayan, at sila na humantong sa lugar na ito ay hindi na muli pang makalalabas."** ([Romans 6:23](#))

Ipinakita sa akin ng Panginoon ang maraming taong masuwayin, marami ay minsan naging kabilang ng isang Christian Church. Sila ay umiiyak ng malakas at humihingi ng habag, subalit wala roong habag. Ang habag ay makakamtan lamang ng isang tao habang siya ay nabubuhay sa Mundo. Kapag ang mga tao ay namatay na, ang habag ay hindi na makakamtan kaylan man, gaya ito ng sinasabi, *"minsan lamang itinakda sa tao ang minsang mamatay, subalit pagkatapos nito ay ang paghuhukom"* ([Hebrews 9:27](#))

Ipinakita rin sa akin ni Hesus ang isang lugar, na tila baga isang uri ng kumukulong mantika, at may mga taong nagdurusa sa loob, natutupok sa loob ng mga apoy at nagtatangkang makalabas. Subalit hinahagis silang pabalik sa loob ng mga demonyo.



Naglakad kami hanggang makarating kami sa isang lugar na may mga taong minsan nang nakapakinig sa salita ng Dios, subalit ayaw magsisi.

Nakakita pa nga ako ng mga pastor, ebanghelista, mga mananampalataya at mga misyonero. Naroroon silang lahat sa iba't-ibang kadahilanan. Nakakita ako ng isang pastor na kailan man ay hindi naniwala sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu, pagsasalita sa ibang mga wika, mga pagpapagaling o bautismo ng Banal na Espiritu. ([Mark 3:29](#)) Siya ay nagmamakaawa para sa habag, at isa pang pagkakataon na sabihin sa sanlibutan na tunay ang pagsasalita sa ibang wika, na ang Banal na Espiritu ay tunay, at may tunay na kalayaan sa mabuting balita. Subalit lubhang huli na ito para sa kanya; hindi siya makalalabas, kahit na siya ay isang pastor. Ang kanyang pagkakataon upang magsisi ay maaari lamang sa ibabaw ng Daigdig.

Nakakita rin ako ng isang misyonero sa Impierno. Naroon siya dahil humingi siya ng salapi upang magbukas ng isang misyon sa Africa, subalit itinago niya ang kalahati para sa kanyang sarili. Ngayon humihingi siya ng habag at isa pang pagkakataon upang ibalik ang salapi na hindi sa kanya. Nang makita niya na hindi siya matutulungan ni Hesus, sinumpa niya si Hesus.

Nakakita ako ng mga tao na minsan ay nasa loob ng simbahan nagpupuri sa Dios. Ngayon

nananaghoy na lamang sila para sa habag dahil sa kanilang mga kasalanang hindi pinagsisihan, naubos ang kanilang pagkakataong magsisi matapos silang mamatay. Nakakita ako roon ng mga pastor na nagnakaw ng mga ikapu at mga kaloob mula sa kanilang mga simbahan. Nagmakaawa rin silang hindi na gagawin ang lahat ng kanilang mga masasamang gawa, subalit wala na roong pagkakataon.

Sila na nangamatay na hindi taglay si HesuKristo ay nabulid sa impierno, at silang nangamatay na may HesuKristo ay tumungo sa Langit. Maraming mga tao ang naniniwala na ang kamatayan ay isa lamang paghinto sa pamumuhay na ito. ([Annihilationism](#)) Subalit sa kamatayan, ang iyong tunay na buhay ay magsisimula, maaaring sa Kaluwalhatian ng Dios o sa pangwalang hanggang pagdurusa at kahihiyang. ([Daniel 12:2](#)) Ginagawa mo ang ganoong pagpili sa mga oras na ito. Lahat tayo ay dapat maingat na pagbulayan kung saan niya gugugulin ang walang hanggang buhay. Gusto mo bang gugulin ang walang hanggang buhay sa Impierno o sa Kaluwalhatian ng Dios? Ito ay iyong pagpilian.

Nagpatuloy kami sa paglalakad sa isang pang nakapangingilabot na lugar na kung saan ay may mga iba't-ibang uri, mga hugis at anyo ng mga demonyo; ang iba ay mayroon lamang isang braso, isang mata at isang paa na tulad ng hayop. Ang kanilang mga mukha ay tulad ng kalahating mukha ng isang tao, at ang nalalabi ay hungkag. Nagtanong ako, "Panginoon, ano po ito?" At siya ay tumugon, **"Sila ay mga demonyong nangwawasak, sa mga tahanan ng lahat ng mga di ligtas o napapahamak. Ito ang demonyo na mangwawasak at mangwawasak nang walang humpay, araw-araw."**



Ang pahirap sa lugar na iyon ay lubhang kakila-kilabot; ang mga kaluluwa ay laging naaalala ang mga bagay na kanilang ginawa noon sila ay nasa mundo pa. Katulad nang sa talinhaga ng mayaman at si Lazaro. ([Luke 16:19-31](#)) Ang mayaman na tao ay naaalala na mayroon siyang ama at limang kapatid na lalake. Maaalala mo ang lahat ng mga bagay na iyong ginawa sa iyong buhay, mabuti at masama; maaalala mo ang lahat mong kamag-anak, at ito ay bahagi ng pagdurusa, dahil marubdob mong hindi nanaisin na mapunta rin sila sa impierno.

Ngayon maraming tao ang nangangaral ng mabuting balita, binabalaan ang mga nasa Mundo na magsisi. At ang tanging makapagligtas sa iyo ay si Hesus, na siyang nakaupo sa kanan ng Ama, handang iligtas ka. *"Ang kaligtasan ay hindi masusumpungan kanino man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng Langit na ibinigay sa mga tao na kung saan tayo ay dapat maligtas."* ([Acts 4:12](#)) Kay Hesus lamang magtiwala.

Mga Bata sa Impierno

Nasaksihan ko ang isang babae na may dalawang anak na sinisigawan ang kanilang ina: "Bakit? Bakit hindi mo kami dinala sa Sunday school? Bakit hindi mo kami pinahintulutan magtungo sa simbahan?" Sinumpa nila siya dahil hindi niya pinahintulutan kailan man sila na makinig ng mabuting balita.

Kahit ngayon, Nararamdaman ko pa rin ang kirot at sindak sa aking kaluluwa kapag naaalala ko na mayroon ding mga bata sa Impierno. Nakita ko ang ilan sa pagitan ng 12 at 14 na taong gulang. Pinagsisisihan din nila ang maraming bagay na kanilang ginawa noong nasa daigdig pa sila. Maraming mga Kristiyano ay mangmang na nagsasabi na ang mga bata ay kailan man hindi mapapahamak, dahil sila ay lubhang napakabata. Subalit sinasabi ko sa iyo, kung alam na ng bata ang pagkakaiba ng mabuti sa masama, at hindi sila lumalakad sa mga landas ng Panginoon, maaari rin silang humantong sa lugar na iyon ng pagdurusa. ([Prov. 22:6](#))

Sa Bibliya sinasabi ito *"Nakita ko ang patay, dakila at aba, nakatindig sa harap ng trono, at mga aklat ay binuksan. Iba pang aklat ay binuksan, na siyang Aklat ng Buhay. Ang mga patay ay hinatulan ayon sa kanilang ginawa ayon sa naitala sa mga aklat."* ([Rev. 20:12](#)) Lahat ng mga taong nakakaunawa sa pagitan ng mabuti at masama ay kinakailangang tumindig sa harap ng Panginoon; walang anumang nalilihim mula sa mga mata ng Panginoon.

Nagpatuloy kami sa aming paglakad hanggang nakarating kami sa isang lugar na tulad sa isang stadium. Mayroong mga demonyo roong nagtatawanan sa mga napahamak na kaluluwa. Kinukutya nila sila, at pinahihirapan sila na ginawa sa wangis ng Dios.

Pinupunit ng mga demonyo ang mga bahagi ng mga tao at itinatago, hinahanap tuloy ito ng mga tao. Ang mga demonyo ay nalulugod sa pagiging sadista sa pamamagitan ng paggagawad ng pahirap. Tulad ng nasusulat *"Ang magnanakaw ay paririto lamang upang magnakaw at pumatay at mangwasak..."* ([John 10:10](#))



Ang mga tao roon ay lubhang nauuhaw sa tubig, subalit wala roon. Pinagsisisihan din nila maging ang araw ng kanilang kapanganakan. Subalit ang pinakamasaklap na damdamin ay doon sa mga nakakilala na kay Hesus, subalit lumakad papalayo mula sa Kanya. Kung ikaw ay lumakad papalayo kay Hesus, kung hindi kana sumusunod sa sa Kanyang mga daan, ngayon ang araw upang manumbalik! Huwag kang mahiya kung ano ang sasabihin ng iyong mga kaibigan o nang sinuman.

Alalahanin kung ano ang sinabi ni Hesus tungkol sa kanila na nagkahiya sa Kanya. *Kung sinuman ang nagkahiya sa Akin at sa Aking mga salita, ikakahiya rin siya ng Anak ng tao sa kanyang pagparito taglay ang Kanyang kaluwalhatian at sa kaluwalhatian ng Ama at ng mga banal na anghel.* ([Luke 9:26](#))

Oras na para sa iyo na tumakbo patungo sa presensya ng Dios; at hanapin ang kaligtasan. Huwag maghanap ng isang simbahan na magbibigay sa iyo ng mabuting pakiramdam; hanapin ang isang simbahan na kung saan gumagalaw ang Espiritu ng Panginoon at magsisi sa lahat ng iyong mga kasalanan! Oras na para sa isang malalim na pagsisisi; oras na para umiyak ng malakas sa Panginoon at tumakbo patungo kay Hesus. Kung mayroon ka pang kasalanan na hindi mo pa hinihintuan, NANGANGANIB ang iyong kaluluwa, dahil sinasabi ng Bibliya na darating si Hesus na tulad ng isang magnanakaw sa gabi, ([1 Thess. 5:2](#)) Handa ka

na ba o hindi?



Nagpatuloy kami sa pagmamasid sa mga demonyong nagpapahirap sa mga tao. Nakakita ako ng isa na tinungkab ang mata ng isang tao, at tinago ito, at kinaladkad ng taong iyon ang kanyang sarili na may kirot na hinahanap ito. Nakasusumpong ng kaluguran ang mga demonyo sa kanilang kalupitan. Sa ilan, pinipigtas nila ang mga braso at binti. Subalit sa kanila na minsan nang nakakilala sa Panginoon, subalit namatay sa kanilang mga kasalanan, ang kanilang parusa ay higit na matindi. Sila ay mayroong dobleng kahatulan. ([Hebrews 10:26-27](#)) Sila na hindi nakakilala sa Dios ay nasa pagdurusa rin, subalit mayroong mas higit na parusa para sa kanila na kilala si Hesus at pagkatapos ay tumalikod o naging backsliders. ([2 Pet. 2:21](#))

Nang ako ay naroroon, dama ko ang di masambit na kilabot sa aking kaluluwa, purong sindak. Nagtaglay ako ng ganoong habag para sa lahat ng mga kaluluwa na umiiyak para sa awa. Sinabi ni Hesus, "***Ipapakita ko sa iyo kung gaano karaming bagay ang nag-aantay sa mga napapahamak na kaluluwa.***"

Dumaan kami sa isa pang lugar na nagtataglay ng maraming iba't-ibang naglalagablab na selda. Sa loob ng mga selda ay mga kaluluwa, subalit ang tanging nangatitira sa kanila ay mga sunog na abuhing kalansay. Subalit nakadadama pa rin sila ng kirot, at humihiyaw sila ng awa mula kay Hesus habang Siya ay dumaraan. Nalaman ko na ang mga taong ito ay minsan nang nasa mga simbahan; ang ilan ay nangaral ng salita ng Dios noong sila ay nabubuhay pa, ang ilan ay nagpalayas ng mga demonyo at nagsalita sa ibang wika noong nasa Daigdig. Subalit ngayon itong mga Kristiyanong ito ay nasa baba rito, dahil isang araw nagpasya sila na lumayo mula sa mga landas ng Dios.



Ang Daan Patungong Impierno

Sinabi ng Panginoon, "***Tignan mo itong malapad na daan.***" Nakita ko ang isang daan na kung saan laksa-laksang mga mananampalataya ang lumalakad, at sila ay may mga tangan pang mga bibliya. Nakita ko ang ilan nananalangin at ang iba naman ay umaawit ng mga papuri.

Nakita ko kung papaano ang makipot na daan ng Dios nagsanga patungo sa kanan, subalit ang mga Kristiyanong ay patuloy sa kanilang paglalakad tuloy-tuloy sa impierno. Paliwanag ni Hesus, "***Sila ay may taglay na dalawang buhay; nabubuhay sila sa dalawang pamumuhay: isa sa Aking tahanan ng panalangin, at ang isa sa kanikanilang mga bahay.***" Sabi ko, "Ngunit Panginoon, ang mga taong ito ay nagpupuri sa iyong Pangalan!" Sumagot si Hesus, "***Oo, at kahit na sila ay umiiyak, sumisigaw, at nagsasabi ng maiinam na bagay tungkol sa Akin o sa Akin, ang kanilang mga puso ay puno ng pakikiapid, puno ng kasamaan, puno ng kasinungalingan, puno ng panlilinlang, puno ng muhi,***"

puno ng mga ugat ng poot, puno ng masamang pag-iisip.” Pagkatapos, Naunawaan ko kung ano ang nakasulat sa Kasulatan *“Hindi lahat nang nagsasabi sa Akin ng, ‘Panginoon, Panginoon,’ ay makapapasok sa Kaharian ng Langit, subait yaon lamang na gumaganap sa kalooban ng Aking Ama sa Langit.”* ([Matt. 7:21](#))

Maraming mga Kristiyano ay nagtataglay ng ilang sama ng loob o poot sa kanilang mga puso tungo sa kanilang mga kapatid; at nagagawa pa nilang lumiban sa pagdalo sa simbahan dahil sa kapatid na iyon. Subalit kapag nagtatanong ang pastor sa simbahan, *“Gaano karami sa inyo ang nagmamahal sa Panginoon?”* Sinasabi nila *“Amen!”* Subalit sinasabi ng Bibliya na sila na namumuhi sa kanilang mga kapatid ay tulad sa mga mamamatay tao, at walang mamamatay tao ang makapapasok sa Kaharian ng Langit. Nasusulat, *Sinuman ang napopoot sa kanyang kapatid ay dadalhin sa kahatulan. Muli, sinuman ang magsabi sa kanyang kapatid, ‘Raca o Baliw,’ ay mananagot sa Kapulungan. Subalit sinuman ang magsabi, ‘Gago ka!’ ay nanganganib sa apoy ng impierno.* ([Matt 5:22](#)) Ang mga kapatid na ito ay lubhang manghihinayang ang mga iyon kapag bumalik ang Panginoon.

Sinasabi sa atin ng Bibliya, *Huwag mong kapootan ang iyong kapatid sa iyong puso. Pagsabihan mo ang iyong kapit-bahay ng tahasan upang hindi ka makasama sa kanyang kasalanan. Huwag kang maghihiganti o magdala ng galit laban sa isa sa iyong mga tao, subalit mahal in mo ang iyong kapit-bahay tulad ng iyong sarili. Ako ang PANGINOON.* ([Leviticus 19:17-18](#)) Lubha itong nakalulungkot kapag sila na naglingkod sa Panginoon, ay hindi makarating sa Langit. Kinakailangan mong siryosong pagbulayan dito at magtanong, *“Ako ba ay handa na para sa Panginoon? Ginagawa ko bang talaga ang kalooban ng Dios? Ang buhay ko ba ay nakalulugod sa Dios?”* Mayroon ka pang oras upang pihitin ang iyong puso sa Dios at makatakas sa Impierno.

May ilang mga tao na walang pakialam kung saan sila pupunta, gusto lamang nilang magsaya sa buhay na ito. Subalit sinasabi ko sa iyo, ang paggugol ng oras kay Hesus, hindi sa ilang babae ay pagsasaya sa buhay. Paggugol ng oras sa tahanan ng Panginoon, hindi sa isang bahay-aliwan, iyon ang buhay. Kinakailangan nating hilingin sa Dios ang Habag para sa kanila na naglalakad pa rin sa daan ng kamatayan at kasalanan.

Sa Impierno, nakita namin ang maraming nag-akalang namumuhay sila ng may kabanalan nang sila ay nasa Daigdig, subalit ngayon sila ay nagmamakaawa na lamang para sa habag at isa pang pagkakataon. Nasaktan ng husto ang aking kaluluwa para sa kanila. Nakakita kami ng isang babae na umaarte na para bang nagbabasa siya ng Salita ng Dios, at nangangaral tungkol sa Juan 3:16. Sabi niya: *“Gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan na ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa Kanya ay hindi mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.”* Sinabi ni Hesus naroon siya ***“Dahil hindi niya mapatawad ang kanyang asawa; hindi niyang nagawang patawarin ang kanyang asawa.”*** ([Matt 6:14-15](#)) Ang babaeng ito ay nagpastor sa isang evangelical church sa loob ng 35 taon, subalit ngayon nasa Impierno, nagmamakaawa siya para sa isa pang pagkakataon upang patawarin ang kanyang asawa.



Binabalaan tayo ng Bibliya, *Makipagkasundo ka agad sa iyong kaalit, samantalang ikaw ay kasama niya sa daan; baka ibigay ka ng kaalit mo sa hukom, at ibigay ka ng hukom sa punong kawal, at ipasok ka sa bilangguan. (Matt. 5:25) at Mapapalad ang mga mahabagin: sapagka't sila'y kahahabagan. (Matt. 5:7)*

Kung ikaw yaong nananangis sa presensya ng Panginoon, nasa ilalim ka pa rin ng biyaya at habag. Subalit kung nararamdaman mo na hindi mo na kayang umiyak pa, o manalangin pa, kung hinintuan mo na ang iyong buhay panalangin, ikaw ay nasa malaking panganib.

Ang pagpapatawad ay isang bagay na espesyal, at ang babaeng iyon hindi nagpatawad. Matapos ang 35 taong mabigat na gawain para sa Dios, naiwala niya itong lahat sa bandang huli. Pagbulay-bulayan mo rito, at siguraduhing pinatawad mo ang lahat. Papaano mo gustong gugulin ang buhay na walang hanggan?



Laging sinasabi sa akin ng aking kapatid: *"Sa araw ng aking kamatayan, tutungo ako sa impierno, at hayaang pahirapan ako ng mga demonyo"* Subalit puspos ng pasasalamat nagsisi siya sa kanyang hangal na paniniwala, dahil ang kahatulan ng Dios ay inabot siya. Habang itinatala ang mensaheng ito, siya ay kasalukuyang nakaratay, may sakit na AIDS. Nagmakaawa siya sa Dios nang isa pang pagkakataon, at sa bandang huli isinuko niya ang kanyang puso kay Hesus. Hindi na siya katulad ng dati mag-isip, at ayaw na niyang mapunta sa lugar na iyon ng pagdurusa. Puspos ng pasasalamat, tinanggap ng aking kapatid si Hesus bilang tagapagligtas. Mapalad ang aking kapatid; alam niya na kakaunti na lamang ang kanyang oras na nalalabi. Subalit kalimitan sa mga tao hindi alam kung kailan sila mamamatay.

Si Hesus at ako ay patuloy sa aming paglalakad hanggang sa makarating kami sa isang grupo ng mga tao na tinatawag ang kanilang mga sariling "Evangelical Christians". Pinaliwanag ni Hesus kung bakit ang mga kalalakihang ito nasa Impierno. Sa kanilang pamayanan na kung saan sila nakatira, mayroong isang lasing na naging isang Kristiyano. Isang araw ang kanyang asawa ay nagkasakit ng malubha. Nagpasimula siyang magbahay-bahay, naghahanap ng tulong upang madala siya sa Ospital. Nang makarating siya sa tahanan ng isang Kristiyano, sinabi niya sa kanila, *" Ang aking asawa ay malubhang may sakit. Kailangan kong tulungan ninyo ako pahiramin ng pera upang madala ko siya sa Ospital."* Subalit sinabi sa kanya ng mga Kristiyano, *"Iyan ang sinasabi mo! Hindi! Wala kaming pera rito!"* Nang siya ay nagtungo sa bahay ng isa pang Kristiyano pinagkaitan din siya ng tulong. Sa bandang huli ang asawa ng lalaki ay namatay.



Sabi ng isa sa mga Kristiyano, *"Talagang inisip ko na bigyan ng isang leksyon ang lasenggong iyon, gusto lamang niya ng pera para ipanglasing, Subalit hindi niya ako maloloko! Hindi ko siya binigyan kahit isang barya!"* Ngayon sa Impierno, naroon sila sa loob ng apoy at pinahihirapan, at malalim na pinanghihinayangan ang kanilang kasamaan. [\(Matt 23:31-46\)](#)

Ang mga lalaking ito ay natatalian ng mga lubid, at sinisilaban. Ang kanilang mga balat ay nalalaglag mula sa kanilang mga katawan, at walang katapusan sa kanilang pagdurusa. Naaalala nila ang lahat ng kasamaang ginawa nila.

Isang Mayabang na Kristiyano



Nakikiusap ako na makinig kayo ng taimtim. Ako rin ay dating Evangelical Christian. Nanalangin ako sa mga may karamdaman at pinagaling sila ng Dios, nanalangin ako sa mga lumpo at ibinangon sila ng Dios. Nagpalayas ako ng mga demonyo at nagsalita sa mga bagong wika, subalit mayroon akong isang espiritu nang pagyayabang, yan ang nagdulot sa akin na tignan na mas maliit sa espirtual ang aking pastor kumpara sa akin.

Marami akong nasaksihang mga himala sa aking gawain, higit pa sa aking pastor. Ngunit ako ay nag-isip na ako iyon, na ako ang gumagawa ng mga himala. Sa aking kayabangan, naisip ko na ako ay super-gifted, isang taong espesyal. Hindi ko naunawaan na ito ay kahabagan ng Dios na nasa aking buhay. Nang ako ay mapunta sa Impierno!, sinabi sa akin ng Dios, **"Hindi ako ang Dios ng mga taong nagmamapuri sa sarili."**

Marami sa atin ang tumatayo sa harap ng altar ng Dios puno ng kayabangan at pagmamapuri sa sarili. Marami, umaawit ng mga papuri sa Dios, nagpasimulang mapuno ng kayabangan. Marami sa mga lingkod ng Dios na ipinapangaral ang salita, at ginagamit na may kapangyarihan ng Dios, nagpasimulang isipin na sila ay lubhang napaka importante? Maraming tao na gumagawa ng pagpapalaya o pagpapalayas ng mga demonyo ay napupuno rin ng kayabangan? Nais kong sabihin sa iyo na nakikita ng Dios ang lahat, at alam Niya ang iyong puso.

Kung ikaw ay mayroong pagmamapuri sa sarili, kayabangan, o pagmamataas sa iyong puso, kung tinitignan mo ang iyong kapatid o pastor na may panlalait, pakiusap magsisi kaagad sa iyong mga kasalanan! Higit na mainam na ikaw ay ipahiya sa harap ng mga tao, kaisa mapahiya sa presensya ng Panginoon. Sana makita rin ninyo ang lugar na ito tulad ko. Sana marinig ninyo ang mga iyakan ng mga napahamak, maramdaman ang sindak na naranasan ko, at makita ang huling kahatulan, pagkatapos mauunawaan mo.

Nagpatuloy kami sa paglalakad hanggang makarating kami sa isang uri ng silid hintayan. Nakita namin ang isang demonyo na sumisigaw, at ang iba pang mga demonyo na ipinipresenta ang kanilang sarili sa harap niya. Dalawa sa kanila ay nasa anyong magandang babae. Ang kanilang gawain ay wasakin ang mga ministeryo o gawain ng Dios, at akayin sa pagkakasala ang mga ministro. Sila na naglilingkod sa Dios, ay dapat maging maingat sa bitag ni satanas. Nais ni satanas na wasakin ang iyong buhay, at kaya niyang gamitin ang mga ganoong mga tao na malapit sa iyo, sila na naglalakad na hindi malapit kay Hesus. Maaari silang gawing mga instrumento ni satanas.



mayroong ding mga demonyo si satanas na nag-aanyong lalaki. Napupunta sila sa mga simbahan upang hanapin ang mga batang babae at maging ang mga may asawa, upang

akayin sila sa pagkakasala, winawasak ang mga pagsasama ng mag-asawa at mga buhay.



Sa Impierno, nakakita rin ako ng isang lalake na namumusong (binabastos) laban sa Banal na Espiritu. ([Luke 12:10](#)) Naroon siya nagmamakaawa para sa habag, at humihiyaw sa sakit. May mga bulate sa buo niyang mukha at katawan. Sinisikap niyang alisin sila, subalit higit na marami ang laging dumarating. ([Mark 9:44](#)) Ang kanyang pagdurusa ay hindi makakayanan.

Ang taong ito ay nag-aalala tungkol sa miyembro ng kanyang pamilya na mapunta roon. Kung talagang mahal mo ang iyong pamilya, ipangaral mo ang Salita ng Dios sa kanila, upang makatakas sila mula sa impierno. ([Acts 16:31](#))

Sinasabi ng Bibliya *At huwag kayong mangatakot sa mga nagsisipatay ng katawan, datapuwa't hindi nangakakapatay sa kaluluwa: kundi bagkus ang katakutan ninyo'y yaong makapupukso sa kaluluwa at sa katawan sa impierno.* ([Matt 10:28](#))

Dapat tandaan ng mga Kristiyano na kahit na itago nila ang katotohanan mula sa mga pastors, deacons, elders at sa kapulungan, HINDI sila makakapagtago mula sa presensya ng Panginoon. Gaya nang nakasulat, *Saan ako paroroon na mula sa iyong Espiritu? O saan ako tatakas na mula sa iyong harapan? Kung sumampa ako sa langit, nandiyan ka: kung gawin ko ang aking higaan sa Sheol, narito, ikaw ay nandoon. Kung aking kunin ang mga pakpak ng umaga, at tumahan sa mga pinakadulong bahagi ng dagat; Doon ma'y papatnubayan ako ng iyong kamay, at ang iyong kanang kamay ay hahawak sa akin.* ([Psalms 139:7-10](#))

Pagsisinungaling sa Dios



Ito'y parang mukhang kabaliwan ang dating, subalit maraming mga Kristiyano ang humantong sa Impierno dahil sa pagsisinungaling. Kalimitan ang mga Kristiyano walang bahalang nagsisinungaling sa Simbahan, at hindi iniisip ang mga ito. Maaring tanungin sila ng pastor ng isang tanong, at ang isang miyembro magsisinungaling sa kanila. Subalit dapat nating tandaan na ang isang simpleng pagsisinungaling ang naging dahilan kung bakit pinatay ng Dios sina Ananias at Saphira habang nasa loob ng simbahan. ([Acts 5:3-10](#))

Maraming mga Kristiyano ang nasa Impierno dahil nadali silang magsinungaling sa pastor. Hindi nila na uunawaan na sa Dios sila nagsisinungaling. At binabalaan tayo ng Bibliya na, walang mga lasenggo, walang mga nakiki-apid, walang mga mahahalay, walang mga SINUNGALING ang magmamana ng Kaharian ng Dios. ([Rev. 21:8](#)) ([1 Cor. 6:9-10](#))

Dapat mong maunawaan na hindi komo sinasabi mo na ikaw ay isa nang Kristiyano, maaari ka pa ring maging marumi sa harap ng Dios, kung magpapatuloy ka sa pagkakasala. Ako ay personal na ginamit ng Dios, subalit mayroon pa ring pagmamapuri sa aking puso. ([Matt 7:21-23](#)) Mayroon pa ring oras upang magsisi at baguhin ang puso at isipan.

Kung ikaw ay isang malahiningang Kristiyano, backsliding o tumalikod, o namumuhay ng isang dobleng pamumuhay, iyuko mo ang iyong ulo ngayon sa harap ng Panginoon, at magmakaawa para sa kapatawaran, sumangayon sa pagtalikod sa lahat ng masamang gawain. Kung hindi mo pa kilala si Hesus, manalangin ngayon, at hilingin sa Kanya ang kapatawaran, hilingin sa Kanya na pumasok sa iyong puso, tanggapin siya bilang iyong tagapagligtas.



Huwag nang magsayang pa ng oras!
At huwag tumulad sa isang Kristiyano na humantong sa IMPIERNO!

Isinalin sa tagalog:Reyn Araullo
email: pastorrey@gmail.com